



PAGTATASA SA KABISAAN NG PAGLALAPAT NG PROJECT MAKTU VERSION 2.0 O MAXIMIZING ACQUISITION OF KNOWLEDGE THROUGH TAILORED VISUALS SA PAGKATUTO SA FILIPINO 9

RAYMOND JOSEPH S. MAKALINTAL

Lipa City National High School
raymondjoseph.makalintal@deped.gov.ph

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay ginawa ng mananaliksik upang malaman ang antas ng kabisaan ng paggamit Project MAKTU version 2.0 o Maximizing Acquisition of Knowledge through Tailored Visuals sa pagkatuto sa Filipino na pangunahing produkto ang powerpoint presentation at podcast bilang makabagong estratehiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral na nasa ika-9 na baitang sa Lipa City National High School. Layunin din ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan: una para malaman ang antas ng kabisaan ng paggamit ng powerpoint presentation at podcast sa pagkatuto ng Filipino sa ikaapat na markahan batay sa domeyn na: pangkabatiran o cognitive; pandamdamin o affective; pangkasanayan o psychomotor. Pangalawa, upang malaman kung nakaaapekto ang paggamit ng powerpoint presentation at podcast sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pre-test at post-test. Pangatlo, upang malaman kung ano ang mga maaaring maging plano at aksyon upang mapaunlad pa ang paggamit ng estratehiyang ito. Isinagawa ang pag-aaral sa 210 mag-aaral ng ika-siyam na baitang sa Lipa City National High School gamit ang quantitative descriptive method.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Makikita sa naging resulta ng pag-aaral na may malaking epekto ang paggamit ng powerpoint presentation at podcast sa akademikong performans o pagkatuto ng mga mag-aaral. Malinaw na masasalamatin ito sa naging resulta ng isinagawang sarbey, pre-test at post-test na kung saan ay nakita ang malaking pagtaas ng mga tamang sagot mula sa pre-test patungong post-test. Kaya hindi ipagkakaila na malaki ang epekto ng paggamit ng powerpoint presentation at podcast bilang makabagong estratehiya sa pagkatuto sa Filipino.

Para mapagtuunan ng pansin ang kabisaan ng paggamit ng powerpoint presentation at podcast, narito ang mga rekomendasyon ng mananaliksik: Mahalaga na matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang kahalagahan ng paggamit ng mga guro ng makabagong estratehiya sa kanilang pag-aaral. Ito ay magpapalawak ng kanilang kaalaman at pag-unawa sa teknolohiya sa edukasyon. Kailangan ng mga guro na patuloy na linangin ang kanilang kasanayan sa paggamit ng mga makabagong estratehiya upang mapaingting ang akademikong performans ng mga mag-aaral, lalo na sa asignaturang Filipino. Ang paaralan ay dapat maglaan ng sapat na kagamitang pampagtuturo na makakatulong sa mga guro na maging mas epektibo at makabuluhan sa kanilang pagtuturo. Mahalaga ang malakas na koneksiyon sa internet upang lubusan at maayos na magamit ang mga makabagong estratehiya sa pagkatuto. Para sa mga magulang, ang pagbibigay ng suporta sa mga pangangailangan ng mga anak ay makakatulong sa kanilang patuloy na pag-unlad.

Ang mga rekomendasyong ito ay naglalayong magbigay-gabay para sa mas mabisang paggamit ng powerpoint presentation at podcast bilang mga makabagong estratehiya sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



pagkatuto, na magbubunga ng positibong epekto sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong karera.

Keywords: *MAKTV, powerpoint presentation, podcast*

INTRODUCTION

Patuloy ang mabilis na pagbabagong nararanasan ng ating mundo dahil sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at bunsod na rin ng globalisasyon. Bunga nito maraming pagbabago at epekto ang naganap sa iba't ibang sangay ng lipunan tulad sa pang-ekonomiya, pangkalusugan, teknolohiya at lalo't higit sa sektor ng edukasyon. Bunsod ng pagbabagong ito ay kailangang sumabay ng kalidad ng edukasyon at pagtuturo upang mabilis na makaangkop ang kabataan sa progreso ng pag-unlad.

Sa paglipas ng panahon isa ang edukasyon sa lubhang naapektuhan nang mabilis na pag-unlad lalo na ang pag-unlad ng teknolohiya. Marami ang umusbong na estratehiya na maaaring magamit ng mga guro. Marami ang pagbabago sa sistema ng edukasyon na nararanasan natin sa panahon na ito. Kasabay ng pag-unlad ng edukasyon marami nang makabagong estratehiya ang maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura lalo na sa larangan ng Filipino.

Ang powerpoint presentation at podcast na siyang pangunahing produkto ng Project MAKTV version 2.0 o Maximizing Acquisition of Knowledge through Tailored Visuals bilang mabisang kagamitang panturo ay nagamit upang mas mapadali ang pagkatuto ng mga mag-

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue II

November 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



aaraal sapagkat ang nilalaman ng presentasyon ay mga detalyadong impormasyon at ideyang may kinalaman sa paksang tatalakayin nang sa gayon, ang atensiyon ng mga mag-aaraal ay nasa mahahalagang bagay na itinuturo. Sa ganitong paraan ay madaling naunawaan ang leksiyon at nahikayat makinig ang mga mag-aaraal sa talakayan upang hindi maging kabagot-bagot ang pagkatuto. Bukod dito, natulungang maintindihan at maalala ang leksiyon na itinuro ng guro. Ang paggamit sa powerpoint presentation at podcast ay isang estratehiya sa pagkatuto upang pukawin ang atensiyon ng mag-aaraal na makinig at matuto na kung saan nagresulta upang mapataas ang marka at performans ng mga mag-aaraal. Malaking tulong ang paggamit ng powerpoint presentation at podcast bilang kagamitang panturo sa mga guro hanggang sa hinaharap gayundin, sa mga mag-aaraal. Ito ang dahilan kung bakit malaking tulong ang pamamaraan ng pagtuturo sapagkat ito'y nagsisilbing tulay upang maunawaan ang kaalamang dapat matutunan ng mag-aaraal sa silid-aralan.

Ang pag-aaraal na ito ay nakasandig sa DepEd MATATAG Agenda na MA- make the curriculum relevant to produce job-ready, active, and responsible citizen. Nakabatay rin ito sa Division Memorandum No. 197 s. 2023 ukol sa Research Priority Areas Based on DEDP sa ilalim ng kategoryang quality na Intensifying learning recovery through conduct of intervention/ innovation at sa Intensifying the utilization of appropriate teaching strategies, maximization of learning resources and intervention programs and activities.

Ang pangunahing batayan ng pag-aaraal ay ang DepEd MATATAG Agenda, na naglalayong gawing relevant ang kurikulum upang matugunan ang pangangailangan ng lipunan. Ito rin ay nagpapakita ng pagtugon sa Division Memorandum No. 197 s. 2023, na

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue II

November 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



naglalayong palakasin ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga intervention at innovation sa pagtuturo.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inasahan na makita ang mga potensyal na bunga at epekto ng Project MAKTV version 2.0 sa pagpapalakas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino 9. Ito ay nagbigay ng mahalagang impormasyon at rekomendasyon sa mga guro at mga tagapagturo sa kung paano pa mapapabuti ang kanilang mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo upang masigurong ang bawat mag-aaral ay nakakamit ang kanilang mga layunin sa pag-aaral.

Napili ng gurong mananaliksik ang pananaliksik na ito sapagkat batid na ang paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ay malaki ang magandang bunga sa pagpapataas ng kaalaman at kagalingan ng mga mag-aaral pagdating sa kanilang akademikong performans. Gayundin, upang higit na malaman kung saang aspekto pa sa paggamit ng powerpoint presentation at podcast ang dapat pang matutunan ng mga guro maging ang mga suliranin at balakid na kanilang kinahaharap sa paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo. Kaya ito ang pingtuunan ng pansin ng mananaliksik na pamagat ng pananaliksik dahil malaki ang naitulong nito sa pagtuturo at pagkatuto sa makabagong henerasyon.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



MATERIALS AND METHODS

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa antas ng kabisaan ng paggamit ng Project MAKTV version 2.0 bilang makabagong estratehiya sa pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral na nasa ika-siyam na baitang na mula sa paaralang Lipa City National High School taong panuruan 2023-2024. Ang mga impormasyon at datos ay nakalap sa tulong ng sariling likhang talatanungan, pre-test at post-test na inihanda ng mananaliksik. Ang mga impormasyon at datos na nalikom ay inanalisa at binigyang interpretasyon gamit ang quantitative descriptive method. Ang pag-aaral na ito ay nilimitahan sa mga mag-aaral ng ika-siyam na baitang na may kabuoang bilang na 440 sa Lipa City National High School na matatagpuan sa Brgy. 1, Lungsod ng Lipa, Batangas.

Sa pamamagitan ng stratified random sampling ay natukoy ng mananaliksik ang kabuoang bilang ng mga respondente na kinakailangan sa bawat seksiyon ng baitang siyam. Ayon kay Adam Hayes (2023), sa kanyang pag-aaral na pinamagatang "How Stratified Random Sampling Works with Examples" ito ay isang pamamaraan ng pagkuha ng sampol o paghahati ng kabuoang populasyon sa mas maliit na bahagi o strata. Ito ay binubuo ng mga respondente na may parehong katangian o kakayahan. Ang pamamaraan na ito ay tinatawag ding proportional random sampling o quota random sampling. Narito ang kinalabasan ng kabuoang bilang ng mga respondente batay sa kalkulasyon.

Ang Balangay na may kabuoang bilang na 37 na mag-aaral ay may 18 na bilang ng respondente. Ang pangkat Gold ay may bilang na 20 mula sa bilang na 42. Para sa pangkat Nickel mula sa 37 na bilang ng mag-aaral ay may bilang na 18 respondente. Ang Iron na may

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



41 mag-aaral ay may respondenteng 20 at Lithium na 42 bilang ng mag-aaral ay may respondenteng 20. Ang Lead mula sa 38 ay may bilang ng respondente na 18. Ang Mercury na may mag-aaral na 42 ay nagkaroon ng respondente na 20. Mula sa bilang na 41 ang Cobalt ay nagkaroon ng 20 na respondente. Ang Barium na may 36 na mag-aaral ay nagkaroon ng bilang ng respondente na 17; Antimony na mula sa 36 ay magkakaroon lamang ng 17 respondente at ang Rubidium na may bilang na 48 na mag-aaral ay may bilang na 22 respondente. Sa buoan ang pag-aaral na ito ay nagkaroon ng 210 na bilang ng respondente mula sa 440 na kabuoang bilang ng mag-aaral sa baitang siyam.

Ang ginamit ng mananaliksik ay Slovin's Formula na may margin of error na 0.05 upang makuha ang angkop na bilang ng mga respondenteng magiging kalahok sa pag-aaral. Ang Slovin's Formula ay nagbibigay-daan sa isang mananaliksik na kuhanin ang sample ng populasyon na may ganap na kawastuhan. Ito ay nagbibigay sa mananaliksik ng ideya kung gaano kalaki ang sukat ng sample upang matiyak ang naging resulta. Sa isinagawang kalkulasyon ng mananaliksik, mula sa kabuoang populasyon ng mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang na 440 ay 210 lamang sa mga mag-aaral ang naging respondente sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik.

Napili ng gurong mananaliksik ang mga mag-aaral na nasa baitang siyam dahil mayroon silang sapat na kaalaman tungkol sa paggamit ng MAKTV version 2.0 gayundin, sa kanila nakalaan ang bunuong proyekto.

Sa pananaliksik na ito ang gurong mananaliksik ay gumamit ng kwantiteytib-deskriptib na pananaliksik upang tukuyin ang antas ng kabisaan ng paggamit ng project MAKTV version

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



2.0 sa pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral sa baitang siyam sa Lipa City National High School.

Ang quantitative research ay isang non-experimental na uri ng pananaliksik na ang resulta ay sinusukat gamit ang iba't ibang numerical at statistical na pagpapaliwanag na hindi maaaring mapasubalian ng mga mananaliksik na nagsasagawa ng pag-aaral.

Gayundin, ang deskriptibong pananaliksik ay isang uri ng metodo na ginagamit sa mga pag-aaral na nagbibigay ng paglalarawan at espesipikong palagay patungkol sa ginawang pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay idinisenyo upang tukuyin ang kabisaan ng paggamit ng MAKTV version 2.0 bilang makabagong estratehiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino 9. Ang sarbey kwestyuneyr o talatanungan na nilikha ng mananaliksik ang nagsilbing instrumento sa pananaliksik upang mangalap ng datos at impormasyon sa pag-aaral. Ang talatanungan ay binuo ng labinlimang (15) katanungan na kung saan ay nakalaan ang limang (5) katanungan para sa pangkaisipan o cognitive, limang (5) katanungan naman sa pandamdamin o affective at limang (5) katanungan sa pangkasanayan o psychomotor. Ang nasabing talatanungan ay hinati sa tatlong bahagi. Sa unang bahagi makikita ang pangalan, baitang at seksiyon maging ang panuto ng pagsasagot sa talatanungan at ang leyenda nito. Habang sa ikalawa at ikatlong bahagi nakapaloob ang limang (5) katanungan na tumukoy sa paggamit ng powerpoint presentation at podcast sa pagkatuto sa Filipino. Sa pagsasagot ng talatanungan mayroong apat na (4) opsyon na pinagpilian ang mga respondente, ito ay LM - Lubhang Mabisa (4), M – Mabisa (3), HGM - Hindi Gaanong Mabisa (2), at HM - Hindi Mabisa (1). Ang sarbey ay

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue II

November 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



nagbigay ng iba't ibang persepsiyon kung paano naging mabisang estratehiya ang paggamit ng powerpoint at podcast sa akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ang mananaliksik ay gumamit ng pre-test bilang instrumento upang matukoy ang dati nang kaalaman sa paksa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino para sa Ikaapat na Markahan. Sa pamamagitan nito ay nabigyan ng paunang datos na naging batayan ng gurong mananaliksik kung may magbabago o madadagdagan ang natutunan ng mga mag-aaral kung sa kanilang pag-aaral ay gagamitin ang project MAKTV version 2.0.

Ang post-test ay nagsilbing instrumento upang makuha ng gurong mananaliksik kung ano ang naging bunga ng pagkatuto ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng Project MAKTV version 2.0. Ito ay isang pagsusulit na ibinigay sa mga mag-aaral pagkatapos makumpleto ang isang programa ng pagtuturo at kadalasang ginagamit kasabay ng isang paunang pagsusulit upang masukat ang kanilang tagumpay at ang bisa ng pagtuturo. Ang post-test na ginamit ay binubuo ng mga pagsusulit na naglalaman ng kanilang mga pinag-aralan sa Ikaapat na Markahan sa asignaturang Filipino.

Ang resulta ng mga pagsusulit at ang porsyento ng MPS. Mean at SD ay kinuha rin upang pagkumparahin ang resulta bago at matapos gamitin ang naturang proyekto. Sa pananaliksik na ito, maingat na sinuri ang mga datos at ang mga impormasyong nahanap ay binigyan ng sapat na suporta na nagpatibay sa isinagawang pag-aaral.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



RESULTS AND DISCUSSIONS

Ang bahaging ito ay tatalakay sa pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap tungkol sa antas ng kabisaan sa paggamit ng Project MAKTV version 2.0 bilang makabagong estratehiya ng pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral na nasa ika-siyam na baitang mula sa Lipa City National High School. Ilalahad din rito ang naging resulta ng isinagawang pananaliksik at ang naging tugon ng mga respondente sa talatanungan na ipinamahagi. Ang pagtalakay sa mga sagot ay ibinatay sa pagkakaayos ng mga katanungan.

1. Ano ang antas ng kabisaan ng paggamit ng Project MAKTV version 2.0 sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino sa ikaapat na markahan batay sa domeyn na:

1.1 pangkabatiran o *cognitive*;

Talahanayan 1.1

Antas ng Kabisaan ng Paggamit ng Project MAKTV version 2.0 batay sa Pangkabatirang Domeyn o *Cognitive*

| 1.1 pangkaisipan o <i>cognitive</i> <i>Sa pagkatuto sa Filipino gamit ang Project MAKTV version 2.0...</i> | Weighted Mean | Bermal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---------------|--------------------------|--------|
| 1. natatamo ko nang tiyak at malinaw ang paksang tinatalakay sa pamamagitan ng detalyadong impormasyon sa bawat <i>slide</i> ng <i>powerpoint presentation</i> at <i>recorded audio</i> sa <i>podcast</i> . | 3.81 | Lubhang Mabisa | 1 |
| 2. nakapagpapahayag ako ng tamang impormasyon tungkol sa paksa sa pamamagitan ng organisadong paglalatag nito sa <i>powerpoint presentation</i> at malinaw na pagtatalakay sa <i>podcast</i> . | 3.74 | Lubhang Mabisa | 4 |
| 3. nasusuri ko ang natutunan sa aralin sa pamamagitan ng mga nakalagay na larawan, tsart, bidyo at iba pa sa <i>powerpoint presentation</i> | 3.79 | Lubhang Mabisa | 2 |

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



| | | | |
|--|-------------|-----------------------|---|
| at maayos na <i>recorded audio</i> sa <i>podcast</i> na may kinalaman sa aralin. | | | |
| 4. nakabubuo ako nang malalim na pang-unawa sa aralin sa pamamagitan ng <i>recorded audio</i> sa <i>podcast</i> na maaari muling mapakinggan at mga organisadong detalye ng aralin sa <i>powerpoint presentation</i> . | 3.49 | Lubhang Mabisa | 5 |
| 5. nalilintang ang aking makrong kasanayan sa panonood, pakikinig at pagbabasa gamit ang <i>powerpoint presentation</i> at <i>podcast</i> . | 3.77 | Lubhang Mabisa | 3 |
| Composite Mean | 3.72 | Lubhang Mabisa | |

Saklaw ng Berbal na Interpretasyon:

1.00– 1.75 (*Hindi Mabisa*)

2.51 – 3.25 (*Mabisa*)

1.76 – 2.5 (*Hindi Gaanong Mabisa*) 3.26 – 4.00 (*Lubhang Mabisa*)

Batay sa resulta na inilahad sa talahanayan makikita na karamihan sa mga respondente ay tumugon at naniniwala na lubhang mabisa ang paggamit ng Project MAKTV version 2.0 bilang makabagong estratehiya sa pagkatuto sa Filipino sa aspetong pangkabatiran na may composite mean na 3.72.

Ipinakikita sa datos na “natatamo nang tiyak at malinaw ang paksang tinatalakay sa pamamagitan ng detalyadong impormasyon sa bawat slide ng powerpoint presentation at recorded audio sa podcast” na may pinakamataas na weighted mean na 3.81 na may berbal na interpretasyon na lubhang mabisa ang paggamit na powerpoint at podcast sa pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral. Ayon kay Lopera (2018), sa pag-aaral na pinamagatang “Ang Podcast bilang Lunsaran sa Paglinang ng Pakikinig”, pinatutunayan nito ang kabisaan ng podcast bilang isang kagamitan na naghahasa ng pang-unawa sa napakinggan at nagtataguyod ng posibleng pananaw ng mga mag-aaral. Samantalang, ang may

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



pinakamababang weighted mean na nakuha ay 3.49 sa “nakabubuo nang malalim na pang-unawa sa aralin sa pamamagitan ng recorded audio sa podcast na maaari muling mapakinggan at mga organisadong detalye ng aralin sa powerpoint presentation”. Kaugnay nito, ayon kay Mayag-as et. al., (2018) sa pag-aaral na pinamagatang “Paggamit ng Powerpoint Presentation”. Sa kasalukuyang panahon, isa sa mga popular na ginagamit sa ngayon ng mga guro ay ang PowerPoint Presentation. Ang magandang dulot ng paggamit nito ay naihatid nang detalyado ang mga impormasyon. Hindi katulad sa tradisyunal na pagtuturo, ang guro ay kinakailangang magsulat ng napakahaba sa pisara at ipasulat ito sa kanyang estudyante. Sa pamamagitan ng PowerPoint lubos na nalilina ang pagkatuto dahil sa paglagay ng mga larawan at ibang grapiko na nakapupukaw sa atensyon ng bawat estudyante upang makilahok sa talakayan. Dagdag pa niya, ang paggamit nito ay hindi lamang para sa kaguruan sapagkat maaari rin itong magamit ng mga estudyante sa pag-uulat sa klase.

1.2 pandamdamin o *affective*;

Talahanayan 1.2

Antas ng Kabisaan ng Paggamit ng *Project MAKTV version 2.0* batay sa Pandamdaming Domeyn o *Affective*

| 1.2 pandamdamin o <i>affective</i> <i>Sa pagkatuto sa Filipino gamit ang Project MAKTV version 2.0...</i> | <i>Weighted Mean</i> | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|----------------------|--------------------------|--------|
| 1. napananatili ko ang kasiyahan sa talakayan dahil sa mga nakikita kong <i>animation scheme</i> , angkop na <i>font style</i> , <i>font size</i> at <i>font color</i> na ginamit sa daloy ng talakayan sa <i>powerpoint presentation</i> . | 3.64 | Lubhang Mabisa | 2 |

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



| | | | |
|--|-------------|-----------------------|-----|
| 2. napasisidhi nito ang aking damdamin upang patuloy na makinig at mailapat ang aking sarili sa mga aralin na tinatalakay. | 3.63 | Lubhang Mabisa | 3.5 |
| 3. napananatili ang kawilihan ko sa pakikinig sa talakayan sa pamamagitan ng mga bidyo, larawan, at magagandang disenyo ng <i>powerpoint presentation</i> na may kinalaman sa aralin at nakapupukaw na boses sa <i>recorded audio</i> sa <i>podcast</i> . | 3.63 | Lubhang Mabisa | 3.5 |
| 4. nakapagbabahagi ako nang aktibong partisipasyon sa klase sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kompiyansa sa sarili sa tulong ng mga madaling maunawang detalye sa <i>powerpoint presentation</i> at sa nilalaman ng <i>recorded audio</i> sa <i>podcast</i> . | 3.62 | Lubhang Mabisa | 5 |
| 5. nakapagpapahalaga at nakapagbibigay ako ng respeto sa aking guro sa pamamagitan ng pagkakaroon ko ng konsentrasyon sa talakayan. | 3.79 | Lubhang Mabisa | 1 |
| Composite Mean | 3.66 | Lubhang Mabisa | |

Saklaw ng Berbal na Interpretasyon:

1.00– 1.75 (*Hindi Mabisa*)

2.51 – 3.25 (*Mabisa*)

1.76 – 2.5 (*Hindi Gaanong Mabisa*)

3.26 – 4.00 (*Lubhang Mabisa*)

Sa kabuoang datos inilahad sa talahanayan na karamihan ng mga respondente ay tumugon na lubhang mabisa ang paggamit ng Project MAKTV version 2.0 bilang makabagong estratehiya sa pagkatuto sa Filipino sa aspetong pandamdamin na domeyn na may composite mean na 3.66. Sa kabuoan ang nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 3.79 na may berbal na interpretasyon na lubhang mabisa ang paggamit ng powerpoint presentation at podcast ay “nakapagpapahalaga at nakapagbibigay ng respeto sa aking guro sa pamamagitan ng pagkakaroon ko ng konsentrasyon sa talakayan”. Samantalang, ang nakakuha ng pinakamababa na weighted mean na 3.62 na may berbal interpretasyon na lubhang mabisa ang paggamit ng Powerpoint Presentation at Podcast ay ang “nakapagbabahagi nang aktibong partisipasyon sa klase sa pamamagitan ng pagkakaroon ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



kompiyansa sa sarili sa tulong ng mga madaling maunawang detalye sa powerpoint presentation at sa nilalaman ng recorded audio sa podcast”.

Ayon kay Sta. Clara (2014), sa pag-aaral na pinamagatang “Kabisaan ng Paggamit ng Information and Communication Technology sa pagtuturo ng Panitikan” sa kanyang artikulo, ang teknolohiya ay nakapag-aambag at nagbibigay ng malaking pagkakataon para sa pagkatututo ng mag-aaral, partikular na nga ang paggamit ng midya sa pagtuturo. Dagdag pa niya ang multimedia o ang midya ay dinisenyo upang mapagaan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto, sa pamamagitan nito nagiging kapanapanabik, nakagaganyak at natutulungan ang mga mag-aaral na matuto sa makabagong paraan at magkakaroon din ng oportunidad upang maipakita sa karamihan na gumagamit ng midya sa modernong panahon na higit na malilinig ang kakayahan ng bawat kabataang mag-aaral kung may integrasyon ng teknolohiya ang isasagawang talakayan kung saan mayroon tunog, mga larawan bidyo at iba pa na maaaring hindi nasasaksihan ng mga mag-aaral sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Kaugnay pa rito, tumataas din ang “antas ng interaksyon” ng mga mag-aaral kapag ginagamit ito sa pagtuturo. Isinaad din niya na ito ay malaking tulong sa mga guro na lumikha ng mga gawain o karanasan sa pagkatuto ng bawat indibiduwal na mag-aaral.

1.3 pangkasanayan o *psychomotor*?

Talahanayan 1.3

Antas ng Kabisaan ng Paggamit ng *Project MAKTV version 2.0* batay sa Pangkasanayang Domeyn o *Psychomotor*

| 1.3 pangkasanayan o <i>psychomotor</i> <i>Sa pagkatuto sa Filipino gamit ang Project MAKTV version 2.0...</i> | <i>Weighted Mean</i> | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|--|----------------------|--------------------------|--------|
|--|----------------------|--------------------------|--------|

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



| | | | |
|---|-------------|-----------------------|---|
| 1. naipamamalas ko ang aking pagiging malikhain sa pag-uulat gamit ang <i>powerpoint presentation</i> dahil nakagamit ako ng mga disenyo, mga kulay at <i>animation scheme</i> na nakatutulong sa akin na mapadali ang talakayan. | 3.71 | Lubhang Mabisa | 2 |
| 2. naipakikita ko nang buong husay ang pagguhit at pagbuo ng <i>slogan</i> sa pamamagitan ng mga larawan at mga ideya na may kinalaman sa aralin na organisadong nakalagay sa <i>powerpoint presentation</i> at <i>podcast</i> . | 3.58 | Lubhang Mabisa | 4 |
| 3. nakapagsasagawa ako ng aking kakayahang pangkomunikasyon tulad ng pagtatalumpati at pag-uulat gamit ang <i>online podcast</i> . | 3.54 | Lubhang Mabisa | 5 |
| 4. nakabubuo at nakapagtatanghal ako ng sariling likhang akda tulad ng tula, sanaysay at iba pang akdang pampanitikan sa tulong ng <i>audio recorder</i> ng <i>podcast</i> at paglalapat ng bidyo sa <i>powerpoint presentation</i> . | 3.60 | Lubhang Mabisa | 3 |
| 5. nakagaganap ako sa pangkatang gawain kasama ang aking mga kamag-aral tulad ng pag-arte, pag-awit at pagsasayaw na nagiging madali at kawili-wili sa pamamagitan ng mga bagay na nakalagay sa <i>powerpoint presentation</i> at <i>podcast</i> na nakatutulong sa amin upang isagawa ang pangkatang gawain. | 3.75 | Lubhang Mabisa | 1 |
| Composite Mean | 3.64 | Lubhang Mabisa | |

Saklaw ng Berbal na Interpretasyon:

1.00– 1.75 (*Hindi Mabisa*)

2.51 – 3.25 (*Mabisa*)

1.76 – 2.5 (*Hindi Gaanong Mabisa*) 3.26 – 4.00 (*Lubhang Mabisa*)

Sa datos na ipinakikita ng talahanayan 1.3 ang karamihan ng mga respondente ay tumugon na lubhang mabisa ang paggamit ng *Project MAKTV version 2.0* bilang makabagong estratehiya sa pagkatuto sa Filipino sa aspetong pangkasanayang domeyn na may *composite mean* na 3.64.

Batay sa kabuoang datos ang nakakuha ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.75 na may berbal na interpretasyon na lubhang mabisa ang paggamit ng *Powerpoint*

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Presentation at Podcast ay ang "nakagaganap sa pangkatang gawain kasama ang mga kamag-aaral tulad ng pag-arte, pag-awit at pagsasayaw na nagiging madali at kawili-wili sa pamamagitan ng mga bagay na nakalagay sa *powerpoint presentation* at *podcast* na nakatutulong upang isagawa ang pangkatang gawain". Samantalang ang nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.54 na may berbal na interpretasyon na lubhang mabisa ang paggamit ng *Powerpoint* at *Podcast* ay ang "nakapagsasagawa ng kakayahang pangkomunikasyon tulad ng pagtatalumpati at pag-uulat gamit ang *online podcast*".

Ayon kay Berkeley (2018), sa pag-aaral na pinamagatang "Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro at aktibong Motibasyon", ang aktibong mga estratehiya sa pag-aaral ay tumutulong sa mga mag-aaral at guro sa mga epektibong paraan upang tulungan ang mga mag-aaral na makisali sa mga aktibidad batay sa mga ideya kung paano natututo ang mga tao. Ang iba't ibang mga makabagong estratehiya sa pagkatuto ay maaaring gamitin ng bawat isa sa mga aktibong disenyo ng pag-aaral.

- Sa naging resulta ng pag-aaral napatunayan na naging lubhang mabisa ang paggamit ng *Project MAKTV version 2.0* bilang makabagong estratehiya sa pagkatuto ng Filipino sa ikaapat na markahan batay sa naging resulta sa mga domeyn na pangkabatiran o *cognitive* na nakakuha ng *composite mean* na 3.72 na may berbal na interpretasyon na lubhang mabisa, pandamdamin o *affective* na nakakuha ng *composite mean* na 3.66 na may berbal na interpretasyon na lubhang mabisa, at pangkasanayan o *psychomotor* na nakakuha ng *composite mean* 3.64 na may berbalna interpretasyong lubhang mabisa.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



- Ayon kay Lari (2014), sa pag-aaral na pinamagatang “Ang Mabisang Instrumento sa pag-aaral ng mga mag-aaral ng Senior High School sa Manila Central University”, ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay mas nakapagbibigay ng interes sa mga mag-aaral at nadadagdagan nito ang kanilang motibasyon upang makinig sa klase. Ito rin ay nakapagbibigay ng mas mataas na antas ng pagkatuto sa mga mag-aaral kaysa sa mga tradisyunal.
- Kaugnay nito, ayon kay Jean Piaget sa kanyang teoryang *Constructivism Learning Theory* (Kneller 1998), hindi siya sumasang-ayon sa paraang tradisyonal. Nakita niya bilang isang mag-aaral na kailangang malinang ang kanilang kognitibong aspekto at ibigay ang ebidensiyang ito mula sa alternatibong pagtuturo gamit ang siyensya at iba’t ibang panteknolohiyang kagamitan. Naniniwala siya na mas magiging makatotohanan ang pag-aaral ng mga mag-aaral kung gagamit ang guro ng mga makabagong teknolohiya sa kanyang pagtuturo.

2. Paano nakaaapekto ang paggamit ng proyektong *MAKTV version 2.0* sa akademikong performans o pagkatuto ng mga mag-aaral na masasalamin sa resulta ng isinagawang *pre-test/* paunang pagtataya at *post-test/* panghuling pagsusulit?

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes


Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Grap 2.1

Epekto ng Paggamit ng Project MAKTV version 2.0 sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral batay sa Resulta ng Isinagawang *Pre-test* at *Post-test* (MPS)



Sa pag-aaral ng mga datos mula sa resulta ng *pre-test* at *post-test* sa asignaturang Filipino 9 gamit ang *Project MAKTV Version 2.0*, napakahalaga na suriin nang mas malalim ang mga numerong nagpapakita ng pagbabago sa mga kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral gamit ang resulta ng MPS o Mean-percentage-score. Ang *pre-test MPS* ay nagbibigay ng maagang larawan ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral bago pa man sila masuri sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



bagong metodolohiya ng pagtuturo, samantalang ang *post-test MPS* ay naglalarawan ng mga natutunan at naiintindihang bagong mga kasanayan pagkatapos ng paggamit ng *Project MAKTV Version 2.0*.

Batay sa resulta ang *Antimony*, na nagsimula sa 53.11 sa *pre-test MPS*, ay umangat hanggang 90.71 sa *post-test*, isang pagtaas na nagpapakita ng 37.60 na puntos na pag-unlad. Ang ganitong numero ay nagpapakita ng malinaw na positibong epekto ng *Project MAKTV Version 2.0* sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa Filipino 9. Hindi lamang ito limitado sa *Antimony* kundi pati na rin sa iba pang mga seksyon tulad ng *Balangay-Sipca*, *Barium*, at iba pa na makikita sa grap, na lahat ay nagpakita ng pagsulong mula sa *pre-test* hanggang *post-test*.

Sa pangkalahatan, ang kabuoang pagbabago sa *MPS* na 39.14 puntos ay nagbibigay ng mas malalim na pang-unawa sa magandang epekto ng paggamit ng *powerpoint* at *podcast* na pangunahing produkto ng naturang proyekto. Ang ganitong pagtaas ay nagpapahiwatig ng malaking pag-unlad sa kaalaman at kasanayan, na nagdudulot ng positibong impluwensya sa pag-aaral ng asignaturang Filipino 9.

Ang mga natuklasang ito ay naglalaman ng mahahalagang implikasyon para sa mga guro at mga tagapagturo. Ang paggamit ng mga modernong teknolohiya at metodolohiya tulad ng *Project MAKTV Version 2.0* ay nagbubukas ng mga bagong oportunidad upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at pagtuturo. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsusuri at paggamit ng ganitong mga inobasyon, magagawa nating masiguro ang pag-unlad at tagumpay ng bawat mag-aaral sa kanilang pag-aaral ng Filipino 9 at sa iba pang asignatura.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:


Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng hindi lamang mga numero buhat na resulta ng MPS at datos kundi pati na rin ang malalim na pag-unawa at implikasyon ng epektibong pagtuturo sa paggamit ng *Project MAKTV Version 2.0*. Ito ay nagtutulak sa atin na patuloy na pagpursigi sa paghahanap ng mga bagong paraan upang mapabuti ang edukasyon at ang kasanayan ng mga mag-aaral sa modernong panahon.

Grap 2.2

Epekto ng Paggamit ng Project MAKTV version 2.0 sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral batay sa Resulta ng Isinagawang *Pre-test* at *Post-test* (MEAN)



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ang pagsusuri ng mga resulta ng *mean* sa *pre-test* at *post-test* para sa Grade 9 Filipino pagkatapos ng implementasyon ng *Project MAKTV version 2.0* ay nagpakita ng makabuluhang pagbuti sa akademikong performans ng mga estudyante.

Una, ang average na marka sa *pre-test* ay 25.77, habang sa *post-test* ito ay naging 45.40. Ito ay nagresulta sa isang 76.16% na pagtaas. Ang malaking pagtaas na ito ay nagpapakita na ang mga estudyante ay nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng kaalaman pagkatapos ng implementasyon ng proyekto. Ang malaking pagtaas sa kabuoan na marka ay nagpapakita na ang mga estratehiya at pamamaraan ng *Project MAKTV version 2.0* ay epektibo sa pagpapabuti ng kaalaman at kasanayan ng mga estudyante sa Filipino 9.

Ikalawa, ang resulta ng *paired t-test* ay nagpakita ng *t-statistic* na 26.34 at *p-value* na 1.43×10^{-10} . Ang napakababang *p-value* (<0.05) ay nagpapahiwatig na ang pagbuti ng mga marka mula sa *pre-test* patungo sa *post-test* ay hindi bunga ng pagkakataon lamang, kundi dahil sa epektibong pamamaraan at estratehiya ng *Project MAKTV version 2.0*. Ang *statistical significance* ng pagtaas ng mga marka ay nagbibigay-diin na ang mga pagbabagong nakamit ay tunay at hindi aksidente lamang.

Ikatlo, ang bawat klase mula sa *Antimony* hanggang *Rubidium* ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang mga *mean scores*. Halimbawa, ang klase ng Balangay-Sipca ay tumaas mula 26.26 sa *pre-test* patungo sa 47.92 sa *post-test*. Ang klase ng mercury, na may pinakamababang *pre-test mean* na 21.88, ay tumaas sa 45.88 sa *post-test*. Ang mga datos na ito ay nagpapakita na kahit na ang mga klase na nagsimula sa mas mababang mga

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue II

November 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



marka ay nakaranas ng malaking pag-unlad. Ang mga resulta ay nagpapakita ng malawakang positibong epekto ng proyekto sa iba't ibang antas ng estudyante.

Ikaapat, ang *Project MAKTV version 2.0* ay malinaw na may positibong epekto sa mga kinalabasan ng pagkatuto ng mga estudyante. Ang makabuluhang pagtaas sa mga marka ay nagpapakita na ang mga estratehiya at pamamaraan na ipinatupad sa ilalim ng proyekto ay epektibo sa pagpapabuti ng kaalaman at kasanayan ng mga estudyante sa Filipino. Ang malawakang pagtaas ng mga marka ay patunay na ang proyekto ay matagumpay sa pagtaas ng akademikong pagganap ng mga estudyante.

Panghuli, ang *graphical representation* ng mga *pre-test* at *post-test scores* ay malinaw na nagpapakita ng pagtaas ng mga marka pagkatapos ng implementasyon ng proyekto. Ang bawat klase ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas, na sumasalamin sa epektibong implementasyon ng *Project MAKTV version 2.0*. Ang biswal na ebidensya mula sa bar grap ay nagpapakita ng positibong epekto ng proyekto sa mga estudyante sa iba't ibang klase.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:


Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Grap 2.3

Epekto ng Paggamit ng Project MAKTV version 2.0 sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral batay sa Resulta ng Isinagawang *Pre-test* at *Post-test*

(STANDARD DEVIATION)



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ang pagsusuri ng mga resulta ng *pre-test* at *post-test* sa Filipino 9 gamit ang *standard deviation* (SD) ay nagbigay ng mas detalyadong pag-unawa kung paano nagbago ang kaalaman at performans ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng *Project MAKTV Version 2.0*. Ang *standard deviation* ay nagmumungkahi ng lebel o pagkakapare-pareho ng mga puntos ng mga mag-aaral mula sa *average*, na nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga indibidwal na *scores* sa loob ng grap. Mas mataas na SD ay nagpapahiwatig ng mas malaking pagkakaiba-iba, habang mas mababang SD naman ay nagpapahiwatig ng mas konsistent na mga resulta na malapit sa *average score*.

Sa kabuuan, ang *average standard deviation* para sa *pre-test* ay 6.08, habang ito ay bumaba sa 4.94 sa *post-test*. Ipinapakita nito na nagkaroon ng kabawasan sa *variability* ng mga marka ng mga mag-aaral matapos ipatupad ang *Project MAKTV version 2.0*, na nagmumungkahi ng mas pare-parehong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa seksyong *Antimony*, ang *standard deviation* ay bumaba mula 6.54 patungong 2.66. Ang malaking pagbabang ito ay nagpapahiwatig na naging mas konsistent ang mga marka ng mga mag-aaral matapos ang *post-test*. Sa *Balangay-Sipca*, ang pagbaba mula 3.64 patungong 2.11 ay nagpapakita rin ng pagbawas sa *variability* ng mga marka. Gayundin, sa Barium, bumaba ang *standard deviation* mula 7.00 patungong 4.78, na nagpapakita ng mas pare-parehong pagganap.

Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang *Project MAKTV version 2.0* ay may positibong epekto sa pagpapababa ng *variability* ng mga marka ng mga mag-aaral sa karamihan ng mga seksyon. Ito ay nagpapahiwatig na ang proyekto ay nakatulong sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



paggawa ng mas pantay-pantay na pagganap sa mga mag-aaral. Ang pagbaba ng *average standard deviation* mula 6.08 patungong 4.94 ay isang malinaw na indikasyon ng pagbawas ng *variability*.

Gayunpaman, ang pagtaas ng *variability* sa mga seksyong *Cobalt, Nickel, at Rubidium* ay nagpapakita na may ilang mga grupo ng mag-aaral na maaaring nangangailangan ng karagdagang suporta o pagsasaayos sa paggamit ng proyekto. Ang mga ito ay mahalagang puntos na dapat bigyang-pansin upang masiguro na ang lahat ng seksyon ay makikinabang ng pantay-pantay mula sa proyekto.

Ang resulta ng pagsusuri ay nagbibigay ng mahalagang gabay para sa mga susunod na hakbang sa pagpapatupad ng mga proyektong pang-edukasyon. Mahalaga na ang anumang inisyatiba ay regular na sinusuri at inaayos batay sa pidbak at resulta upang masiguro ang patuloy na pagpapabuti at tagumpay ng mga mag-aaral. Ang *Project MAKTV version 2.0* ay nagpakita ng potensyal na mapabuti ang konsistensi ng pagganap ng mga mag-aaral, subalit nangangailangan pa rin ng mga karagdagang pagsisikap para maabot ang lahat ng seksyon sa Filipino 9. Ang mga natutunan mula sa inobasyong ito ay maaaring maging gabay sa pagbuo ng mas epektibong mga polisiya at estratehiya sa edukasyon upang masiguro ang pagkakapantay-pantay at pag-unlad ng bawat mag-aaral lalo't higit sa paaralan ng Lipa City National High School.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



3. Batay sa naging resulta ng isinagawang pag-aaral, ano ang mungkahing plano o interbensiyon na maaaring isagawa upang higit na maging mabisa ang paggamit ng naturang proyekto sa pagkatuto sa Filipino?

MUNGKAHING PLANONG AKSYON O INTERBENSYON

| ACTION SCHEDULE | ACTIVITIES | OBJECTIVES | DURATION/ DATE | PERSON RESPONSIBLE/ PERON TO SUPPORT | OUTPUT |
|---------------------------|---|--|---|---|--|
| <i>Pre-Implementation</i> | •Paghahanda ng Project Proposal | •Nailalahad sa <i>SDO Committee</i> ang ang proposal upang masuri at mabigyan ng suhestyon. | •Unang Markahan | •May-akda, SDO Committee | •Aprubadong Project Proposal |
| <i>Implementation</i> | <p>VIBE CHECK: Pagpapalawak ng Guro sa Multimedia sa Filipino</p> <p>INTERACTIVE VIBES: Pagtuturo sa Multimedia para sa Masiglang Filipino</p> <p>PAMANA: Pag-unlad ng Komprehensibong Nilalaman sa Filipino</p> | <p>•Napapalakas ang kasanayan ng mga guro sa paglikha ng nakaakit at impormatibong mga presentasyon sa multimedia.</p> <p>•Napatataas ang interes at partisipasyon ng mga mga-aaral gamit ang interaktibong presentasyon.</p> <p>•Makadebelop ng karagdagang modyul na may mas malalim na pananaw at praktikal na aplikasyon</p> | <p>•<i>Quarterly workshop</i> simula Agosto 2024</p> <p>•Buong taong akademiko simula Setyembre 2024</p> <p>•Oktubre 2024</p> | <p>•<i>IT Specialist</i>, May-akda at mga guro</p> <p>•Mga guro sa Filipino, mga mag-aaral</p> <p>•<i>Curriculum Development Team</i> ng paaralan at mga guro</p> | <p>•Pinabuting kakayahan ng mga guro sa paggamit ng multimedia para sa epektibong pagtuturo</p> <p>•Pinalawak na karanasan at aktibong pakikilahok</p> <p>•Pinalalim na mga aralin sa Filipino at modyul</p> |

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



| | | | | | |
|----------------------------|---|---|--|---|--|
| | PUNDASYON: Pagsasama-sama tungo sa Epektibong Edukasyon | •Naisusulong ang isang suportadong kapaligiran para sa patuloy na pag-aaral at pagpapabuti. | •Buwanang miting simula Disyembre 2024 | •Punongguro, mga guro at <i>Parent- Teacher Association</i> | •Pinalakas at pinagtibay na samahan ng mga gur at magulang |
| <i>Post-Implementation</i> | •Pagpapasa ng natapos na naratibong ulat | •Nasusuri ang kabisaan ng proyekto | •Katapusan ng taong panuruan | •May-akda | •Resulta, <i>End of the Project Report</i> |

CONCLUSION

"Education is the most powerful weapon which you can use to change the world." – Nelson Mandela

Ang pagsusuri sa bisa ng *Project MAKTV version 2.0*, o **Maximizing Acquisition of Knowledge through Tailored Visuals**, sa pagtuturo ng Filipino 9 sa Ikaapat na Markahan ay isang paglalakbay na nagbigay-daan sa mas makulay at mas malalim na pagkatuto para sa mga mag-aaral. Sa bawat hakbang ng aksyon-riserts na ito, natunghayan ko ang iba't ibang aspeto ng proyekto na nagdulot ng pagbabago at pag-unlad sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ang *Project MAKTV version 2.0* ay isinilang mula sa pangangailangan na mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa Lipa City National High School sa pagtuturo at pagkatuto sa Filipino 9. Ang pinakalayunin ay hindi lamang magturo ng wika at literatura, kundi magbigay ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Ang bawat hakbang ng paghahanda, mula sa pagpupulong ng mga guro, pagpapaalam na maisagawa ito,

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



pagpapaabruba ng proposal hanggang sa pagbuo ng mga interaktibong materyales, ay isinagawa nang may puspusang dedikasyon.

Ang proseso ng paghahanda ay nagsimula sa pagbuo ng mga *tailored visuals* na naaayon sa mga aralin sa Filipino 9. Ang mga *visual aids* na ito ay dinisenyo upang maging mas interaktibo at madaling maunawaan ng mga mag-aaral. Sa paggamit ng mga guro sa mga materyales na inhandang, nakita ko ang kanilang determinasyon na matutunan ang mga bagong teknolohiya at pamamaraan. Ang kanilang pagsusumikap ay nagbigay ng pag-asa na kaya naming baguhin ang sistema ng edukasyon para sa ikabubuti ng mga mag-aaral.

Ang mga mag-aaral ang tunay na bida sa proyektong ito. Sa unang mga araw ng pagpapatupad, ramdam ang kanilang pag-aalinlangan. Ngunit sa paglipas ng panahon, nakita ko ang pagbabago. Ang kanilang mga mata ay nagningning sa bawat bagong aralin, at ang kanilang interes sa pagkatuto ay tumaas nang husto.

Sa pamamagitan ng mga interaktibong aktibidad at *tailored visuals*, mas naging masigla ang kanilang partisipasyon. Ang mga mag-aaral na dati'y tahimik at nahihya ay naging mas aktibo at masigasig. Ang mga talakayan ay naging mas makulay, at ang mga tanong ay dumami—isang tanda ng kanilang lumalalim na pag-unawa at pagnanais na matuto pa. Ang kanilang mga kwento ng tagumpay ay nagsilbing inspirasyon hindi lamang sa akin kundi sa buong klase.

Para sa mga guro, mga kasamahan ko sa pagpapanday ng Filipino 9, ang *Project MAKTV version 2.0* ay isang paglalakbay ng pagsubok at pagsusumikap. Hindi madali ang pag-aadapt sa bagong teknolohiya, ngunit ang kanilang dedikasyon ay nagbunga ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue II

November 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



magagandang resulta. Ang mga guro ay naging mas handa at epektibo sa pagtuturo, at ito ay nagresulta sa mas magandang pagganap ng mga mag-aaral.

Ang kanilang mga kwento ay puno ng inspirasyon. Ang mga oras na ginugol sa pag-aaral ng mga interaktibong materyales, ang pagtutok sa bawat detalye ng aralin, at ang walang sawang pagtulong sa mga mag-aaral ay mga patunay ng kanilang pagmamahal sa kanilang tungkulin. Ang kanilang pagsisikap ay hindi lamang nagdala ng mas mataas na kalidad ng edukasyon, kundi nagbigay din ng bagong pag-asa sa mga mag-aaral na ang edukasyon ay tunay na isang makapangyarihang kasangkapan sa pagbabago.

Ang bawat hakbang na ginawa, bawat hamon na nalampasan, at bawat tagumpay na naabot ay mga aral na dadalhin ko sa mga susunod pang mga proyekto. Ang patuloy na pagsasanay bilang guro, ang pagbuo ng mas maraming interaktibong materyales, at ang mas malalim na pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ay ilan lamang sa mga hakbang na aming gagawin upang masiguro na ang bawat mag-aaral ay makakamtan ang pinakamataas na kalidad ng edukasyon.

Ang Project MAKTV version 2.0 ay hindi lamang isang proyekto, kundi isang paglalakbay ng pag-asa, pagsusumikap, at tagumpay. Ang mga pagbabago at pagpapabuti na dala nito ay patunay na ang edukasyon ay isang makapangyarihang kasangkapan sa pagbabago at pag-unlad. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsusumikap at pakikipagtulungan, maaari nating mapabuti ang kalidad ng edukasyon at masiguro ang mas maliwanag na hinaharap para sa ating mga mag-aaral.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue II

November 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Tunay na ang bawat kuwento ng tagumpay ng mga mag-aaral at guro ay patunay na ang ating pagsisikap ay nagdudulot ng tunay na pagbabago. Ang kanilang mga ngiti, tagumpay, at bagong pag-asa ay mga biyayang hindi matutumbasan ng anumang bagay. Patuloy nating yakapin ang hamon ng edukasyon, at sama-sama nating baguhin ang mundo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kaalaman at edukasyon, inobasyon, interbensyon at pananaliksik.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



REFERENCES

Peralta, P.M. (2018). Kaugnayan ng Antas ng Paggamit ng mga Makabagong Kagamitang Pampagtuturo at ng Antas ng Epekto nito sa Pagtuturo ng mga Guro. *Tesis*, 4-5.

Amoyo, J. (2010). The Comparative Effectiveness of PowerPoint Presentation and Traditional Method in Teaching Mathematics in Fourth Year Students of Eugolio "Amang" Rodriguez institute of Science and Technology, Philippines.

Jojodiary. (2015). Epekto ng paggamit ng PowerPoint sa mga mag-aaral. Wordpress.

Investintech. (2018). Using PowerPoint in the classroom. Toronto, Canada.

Etikan, I. (2016). Comparison of Convenience Sampling and Purposive Sampling. *American Journal of Theoretical and Applied Statistics*, 5, 1-4.

De Guzman, K. B., et al., (2023, May) Ang Podcast Bilang Lunsaran sa Paglinang ng Kasanayang Pakikinig sa Pribadong Paaralan (Pp. 51)

Fluet. (2021). Descriptive Research: Definition, Characteristics, Methods, Examples and Advantages. QuestionPro.

Mbuva. (2023). Quantitative Descriptive Research: Definition, Types, Methodology, Methods, Characteristics and Examples.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
